



Natalie Ward

Minister for Metropolitan Roads

Minister for Women's Safety and the Prevention of Domestic and Sexual Violence

Mark Coure

Minister for Multiculturalism

Minister for Seniors

PAMPUBLIKONG PAHAYAG

Miyerkoles, ika-1 ng Pebrero 2023

BOOST PARA SA MGA MULTIKULTURAL NA SUPORTANG GRUPO SA TAHANAN (DOMESTIC SUPPORT GROUP)

Ang mga grupong multikultural ay makakatanggap ng karagdagang \$2 milyon sa pagpopondo bilang bahagi ng napakalaking pamumuhunan ng Pamahalaang NSW upang tugunan ang karahasan sa tahanan at karahasang sekswal.

Sinabi ng Minister for Women's Safety and the Prevention of Domestic and Sexual Violence na si Natalie Ward na titiyakin ng pagpopondo na ang mga serbisyo sa pagtugon na nakabatay sa pananampalataya at sa komunidad ay makakatulong sa mas maraming tao kaysa dati.

"Ang karahasan sa tahanan ay walang pinipili at ang bawat nakaligtas na biktima ay dapat makatanggap ng tulong na kailangan niya anuman ang kaniyang pinagmulan," ayon kay Mrs Ward.

"Alam namin na may mga nakaligtas na biktima (victim-survivors) sa mga multikultural na komunidad na nag-aatubiling humingi ng pangunahing suporta dahil sa katayuan ng kanilang visa, kawalan ng isang pinagkakatiwalaang social network sa Australya, kakulangan ng kaalaman sa wika at kultural na mga hadlang.

"Ang mga gawad (grants) na ito ay magpapataas sa kapasidad ng aming mga serbisyo sa pagtugon sa buong NSW at magbibigay ng mas naka-target na suporta para sa mga nakaligtas na biktima sa mga multikultural na komunidad."

Ang mga nararapat na aplikanteng nakatalaga sa pananampalataya at multikultural na komunidad ay maaaring mag-aplay para sa minsanang grant na mula sa minimum na \$20,000 hanggang \$150,000.

Sinabi ng Minister for Multiculturalism na si Mark Coure na mahalagang magbigay sa mga multikultural na grupo ng mga tool na kailangan nila upang tumugon sa karahasan sa paraang inklusibo sa kultura at maaksyon.

"Ang karahasan sa tahanan ay isang pandaigdigang isyu, hindi ito nakabukod sa isang komunidad o sa isang grupo lang," ayon kay Mr Coure.

"Ang estado ng NSW ang may pinaka-magkakaiba-ibang kultura sa buong Australya at kailangang naayon dito ang ating pangunang linya ng pagtugon.

"Alam namin mula sa mga nakaraang natutunan na ang pamamaraan na *one size fits all*

(isang sukat para sa lahat) ay hindi gumagana, kung kaya't para sa ating pinakamahusay na interes bilang isang estado, kailangang bigyan ang ating mga multikultural na komunidad ng mga tool at mapagkukunan upang matugunan ang mga isyung ito."

Ang mga grant na ito ay karagdagan sa hanay ng mga kasalukuyang suporta na ibinibigay ng Pamahalaan upang suportahan ang mga biktima ng karahasan sa tahanan, kabilang ang:

- Pagwawaksi (waiving) sa pamantayan para maging karapat-dapat sa Rentstart Bond Loan para sa mga taong nilisan ang karahasan sa tahanan;
- Pagbibigay ng access sa mga nakaligtas na biktima para sa mga scheme na First Home Buyer Choice at First Home Buyer Assistance;
- Pinapadali ang agarang pagwawakas ng pangungupahan upang makatakas sa karahasan;
- Pagbibigay ng 24/7 na suporta sa pamamagitan ng NSW Domestic Violence Line upang matulungan ang mga biktima na makahanap ng ligtas na lugar na matutuluyan, o masasakyan para sa kanila at sa kanilang mga anak; pag-uugnay sa kanila sa pulisya, korte, abogado at tagapayo; at pagtulong sa paggawa ng isang planong pangkaligtasan (safety plan);
- Scheme na 'Right To Ask' kung saan malalaman ng mga tao kung ang kanilang partner ay may kasaysayan ng pagkakasalang karahasan sa tahanan;
- \$20 milyon sa loob ng dalawang taon para sa hanggang 200 karagdagang electronic monitoring device;
- Ang Pamahalaang NSW AY nakatuon sa pagrepaso ng lahat ng mga sentensya para sa mga paglabag na may kaugnayan sa karahasan sa tahanan sa NSW;
- Ang muling nahalal na Pamahalaang NSW ay magpopondo ng isang espesyalistang Domestic and Family Violence List sa tatlong lokal na korte at magpopondo ng karagdagang limang mahistrado upang matiyak na ang mga kaso ay dinidinig nang mas maaga.

Ang Pamahalaang NSW ay namumuhunan ng napakalaking pagpopondo na mahigit \$700 milyon sa mga inisyatiba upang suportahan ang Kaligtasan ng Kababaihan kabilang ang:

- \$426.6 milyon para palawakin ang inisyatibang Core and Cluster, para maghatid at magbukas ng mga bagong kanlungan ng kababaihan na susuporta sa hanggang karagdagang 2,900 mga kababaihan at mga bata na tumatakas sa karahasan sa tahanan at pamilya bawat taon. Ito ang pinakamalaking pangako sa pagpopondo na ginawa para sa sektor ng karahasan sa tahanan;
- Kauna-unahang mga batas upang gawing krimen ang sapilitang pag-kontrol sa mga tao na nasa relasyong intimate na mag-partner.
- Mga batas sa positibong pagsang-ayon (affirmative consent laws) na nangunguna sa bansa, na nagsimula noong Hunyo 1, 2022.

Ang mga aplikasyon para sa grant ay magbubukas sa ika-13 ng Pebrero at magsasara sa ika-27 ng Marso.

Ang mga pondo ay ilalabas sa Hunyo 2023 kasunod ng pagtatasa sa grant at proseso ng pag-apruba at dapat gamitin bago ang ika-30 ng Hunyo 2024. Ang patuloy o paulit-ulit na pagpopondo ay hindi makukuha.

MEDIA:

Will Dempsey | Minister Ward | 0400 471 762
Scott Hodder | Minister Coure | 0455 094 282